Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon x-Hilagang Mindanao
SANGAY NG LUNGSOD MALAYBALAY
Purok 3 Casisang Malaybalay City

2016-06-2116
Deped-MALAYBALAY CITY DIVISION
RELEASED
Date: JUN 16 2016 Time: 11:20
By:

PANSANGAY ADBAYSORI

PARA SA: Tagamasid sa Filipino,Tagamasid Pampook,Distrik Filipino Koordineytor
Pununggguro ng mga Paaralang Pampubliko at Pampribado
Elementarya at Sekundarya
Sangay ng Lungsod Malaybalay

BUHAT KAY: **EDILBERTO L.OPLENARIA, CESO VI**
Tagapamanihala ng mga Paaralan

PAKSA: **PAMBANSANG SEMINAR SA PAGTUTURO NG PANITIKANG GENDER- BASED**

PETSA : Hunyo 15, 2016

Kalakip ay Memorandum Pangkagawaran Blg. 51,s.2016 hinggil sa Pambansang Seminar sa Pagtuturo ng Panitikang Gender– Based ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) at liham paanyaya mula kay Dr. Rodello D. Pepito, director, Sentro sa Wika at Kultura (R-X) Bukidnon State University Malaybalay na may seminar na gaganapin sa BSU Audio Visual Center at Auditorium ngayong darating na Hulyo 13-15,2016.May rehistrasyon po ang seminar na nabanggit sa halagang isanlibo't limang daan (Php1,500.00) na gugulin para sa limang meryenda at dalawang pananghalian, sertipiko, seminar hand outs at iba pa.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro ay dapat naayon sa No - Distruption of Classes -Policy na nakasaad sa DepEd Order No. 9 s, 2005 na may pamagat na Instituting Measures to Increase Engaged

Time on Task and Ensuring Compliance Therewith. Inaasahan na ang gurong dadalo ay may rekomendasyon ng kanilang ulong guro at susulat ng liham intensyon adres sa Tagapamanihala ng mga Paaralan tawag pansin Maria Concepcion S. Reyes EPS Filipino at huwag kaligtaan sa liham ang pangalan ng gurong mag take over o mag buddy system sa klase at ang gastusin ay personal.

Ang lahat ng mga kabatiran at impormasyong tuon sa naturang Pambansang Kongreso ay napapaloob sa nakalakip na sulat.

Hinihiling ang malawakang pagpalaganap ng Adbaysori na ito.

BUKIDNON STATE UNIVERSITY
Sentro ng Wika at Kultura (R-X)
Malaybalay City, Bukidnon, 8700

Mayo 24, 2016

2016-05-390
Deped-MALAYBALAY CITY DIVISION
RECEIVED
Date: MAY 25 2016 Time: 9:15
By:

EDILBERTO L. OPLENARIA, CESO VI
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Dibisyon ng Malaybalay
Departamanto ng Edukasyon
Probinsiya ng Bukidnon

Kagalang-galang na **G. Oplenaria** :

Maayad ha aldaw!

Ipinababatid po sa inyong butihing tanggapan ang pagdaraos ng tatlong araw na seminar worksyap sa Filipino na may pamagat na **PAMBANSANG SEMINAR SA PAGTUTURO NG PANITIKANG GENDER-BASED** na inorganisa ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) at ka-tagapagtaguyod ang Sentro sa Wika at Kultura sa Rehiyon X (SWK-X) na nasa Bukidnon State University, Lungsod Malaybalay, Bukidnon. Ang nabanggit na seminar po ay gaganapin sa BSU Audio Visual Center at Auditorium ngayong darating na **Hulyo 13 hanggang 15 nitong taon**. Ang rehistrasyon po sa seminar na nabanggit ay isanlibo't limang daan **(PHP1,500) na** gugulin para sa limang meryenda at dalawang pananghalian, sertipiko, seminar hand outs at iba pa.

Layunin ng seminar na matalakay ang iba't ibang isyu hinggil sa pagtuturo ng panitikang Filipino na nakatuon sa kasarian at paglalarawan sa babae; mailahad ang iba't ibang paraan upang mapahusay ang pagtuturo ng panitikang gender-based; at maitaas ang antas ng kamalayang pangkasarian ng mga guro sa pagtuturo ng panitikan.

Bunga po nito, maaari po bang makapagpalaganap ng mga paanyaya sa inyong kaguruan na nagtuturo sa asignaturang Filipino at panitikan, mga gurong nagtuturo gamit ang Filipino, mga prinsipal at iba pang mga kawani ng pamahalaan? Tatanawin ko pong isang malaking utang na loob sa inyo ang agarang pagpapalaganap ng liham - kahilingan na ito.

Kalakip din po sa liham na ito ang kalatas mula sa Komisyon ng Mataas na Edukasyon na may petsang Marso 2, 2016 at ng Memorandum Pangkagawaran Blg. 51 s. 2016 mula sa Departamento ng Edukasyon na may petsang Marso 28, 2016 at ang kopya ng panukalang programa na mula sa Komisyon sa Wikang Filipino (KWF).

Para po sa ibang mga detalye, pwede rin pong makipag-ugnayan kina Gng. Lourdes Z. Hinampas sa mobile phone bilang 0942-989-2458, at Dr. Rodello D. Pepito sa mobile phone bilang 0905-649-5777.

Maraming salamat po. Pagpalain nawa kayo ni Magbabaya!

Lubos na gumagalang,

Dr. Rodello D. Pepito
Direktor, Sentro sa Wika at Kultura (R-X)
Bukidnon State University

Republic of the Philippines
Department of Education

28 MAR 2016

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 51 s. 2016

PAMBANSANG SEMINAR SA PAGTUTURO NG PANITIKANG GENDER-BASED NG KOMISYON SA WIKANG FILIPINO (KWF)

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor ng Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Punungguro ng mga Paaralang Pampubliko at Pampribadong Elementarya at Sekundarya

1. Bilang bahagi ng Gender and Development Program ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), itinataguyod nito ang **Pambansang Seminar sa Pagtuturo ng Panitikang Gender-Based** mula Enero hanggang Disyembre 2016.

2. Layunin ng Seminar na:

   a. matalakay ang iba't-ibang isyu hinggil sa pagtuturo ng panitikang Filipino na nakatuon sa kasarian at paglalarawan sa babae;
   b. mailahad ang iba't-ibang paraan upang higit na mapahusay ang pagtuturo sa panitikang gender-based; at
   c. maitaas ang antas ng kamalayang pangkasarian ng mga guro sa pagtuturo ng panitikan.

3. Ang seminar ay tatlong araw na gawain na tatalakay sa iba't-ibang isyu at paksa hinggil sa panitikan at kasarian. Magkakaroon din ng pakitang-turo sa iba't-ibang anyo ng akdang pampanitikan. Kalakip nito ang programa ng seminar.

4. Inaanyayahang dumalo sa nasabing seminar ang mga guro sa elementarya at sekundarya na nagtuturo ng Filipino.

5. Para sa iba pang detalye, maaaring makipag-ugnayan kina **Gng. Lourdes Z. Hinampas** at **Gng. Miriam P. Cabila**, Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), 2/F Watson Bldg., 1610 JP Laurel St., Malacañang Palace Complex, San Miguel, Maynila sa telepono: (02) 736-2525 lokal 105; (02) 708-6972 o sa mobile phone: 0929-876-5856; 0942-989-2458 o mag-email sa jinghinampas@gmail.com; miriam.cabila@yahoo.com.

6. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

BR. ARMIN A. LUISTRO FSC
Kalihim

Kalakip:
Gaya ng nasasaad

Sanggunian:
W a l a

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

LEARNING AREA, Filipino
SEMINARS
STRAND: Curriculum and Instruction
TEACHERS

Blanco, Geli/DM Gender-based Lit KWF
0181/March 3, 2016

Republic of the Philippines
OFFICE OF THE PRESIDENT
COMMISSION ON HIGHER EDUCATION

KALATAS MULA SA TAGAPANGULO

PARA SA : **LAHAT NG TAGAPAMUNO NG SENTRAL AT MGA PANREHIYONG TANGGAPAN NG KOMISYON**
LAHAT NG PRESIDENTE/ TAGAPANGULO NG MGA PAMPUBLIKO AT PRIBADONG KOLEHIYO AT UNIBERSIDAD

PAKSA : **PARTISIPASYON SA PAMBANSANG SEMINAR SA PAGTUTURO NG PANITIKANG GENDER-BASED NA INORGANISA NG KOMISYON SA WIKANG FILIPINO AT GAGANAPIN SA ENERO HANGGANG DISYEMBRE 2016**

PETSA : Ika-3 ng Marso taong 2016

Alinsunod sa mga partikular na probisyon ng *Republic Act (R.A.) No. 7722* na kilala rin bilang *"Higher Education Act of 1994"* malugod na ini-endorso ng Tanggapang ito ang nasabing aktibidad na inorganisa ng Komisyon sa Wikang Filipino para sa suporta at partisipasyon ng mga kinauukulan sa mga aktibidad at programa kaugnay ng gawaing ito.

Layon ng seminar na matalakay ang iba't-ibang isyu hinggil sa pagtuturo ng panitikang Filipino na nakatuon sa kasarian at paglalarawan sa babae; mailahad ang iba't ibang paraan upang mapahusay ang pagtuturo ng panitikang gender-based; at maitaas ang antas ng kamalayang pangkasarian ng mga guro sa pagtuturo ng panitikan.

Ang pakikilahok ng mga opisyal, empleyado o estudyante mula sa mga pribadong kolehiyo at unibersidad ay BOLUNTARYO. Samantala, ang sinomang opisyal o empleyado ng ng mga pampublikong kolehiyo at unibersidad na nagnanais lumahok sa nasabing aktibidad ay pinaaalalahanan sa wastong paggamit ng pondo ng gobyerno alinsunod sa *Administrative Order No. 103*.

Para sa karagdagang detalye, reserbasyon at/o iba pang katanungan patungkol sa aktibidad na ito maaari kayong makipag-ugnayan kanilang telepono sa bilang na 7362519/7362525 o sa kanilang email address komfil.gov@gmail.com.

Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng kalatas na ito.

PATRICIA B. LICUANAN, Ph.D.

03 02-0011 KWF 2016

KOMISYON SA WIKANG FILIPINO
BUKIDNON STATE UNIVERSITY

Pambansang Seminar sa Pagtuturo ng Panitikang Gender Based

Bukidon State University
13-15 Hulyo 2016

Unang Araw

8:00-9:00 nu	Pagpapatala	
9:00-10:00 nu	Pambansang Awit	
	Bating Pagtanggap	
	Mensahe	**Kgg. Virgilio S. Almario** Pambansang Alagad ng Sining Tagapangulo, KWF
	Panauhing Tagapanayam: **Ang Babae sa Panitikang Filipino**	**Bb. Lualhati Bautista** (video)
10:00-10:30 nu	Meryenda	
10:30 nu-12:00 nh	**Ang Kasarian sa Kurikulum ng Kagawaran ng Edukasyon**	**G. Galcoso Alburo** DepEd, Sangay ng Marikina
12:00-1:00 nh	Tanghalian	
1:00-2:00 nh	**Estereotipo: Ang Babae sa Panitikang-Bayan**	**Salvador Biglaen** Miriam College
2:00-2:30 nh	Meryenda	
2:30-4:00 nh	Pakitang-turo: Tuon sa Panitikang-Bayan (Pang-elementarya)	**Salvador Biglaen** Miriam College

Ikalawang Araw

8:00-9:00 nu	Pagpapatala	
9:00-10:00 nu	**Kontemporaneong Panitikan, Kontemporaneong Kababaihan**	**Prop. Moreal Camba** University of Asia and the Pacific
10:00-10:30	Meryenda	
10:30-12:00	Pakitang-turo: Tuon sa Tula (Pangsekundarya)	**Prop. Moreal Camba** University of Asia and the Pacific
12:00-1:00 nh	Tanghalian	
1:00-2:00 nh	**Ang Pag-usbong ng Panitikang LGBT sa Filipinas**	**Prop. John Iremil Teodoro** Miriam College
2:00-2:30 nh	Meryenda	
2:30-4:00 nh	Pakitang-turo: Tuon sa Maikling Kuwento (Pangkolehiyo)	**Prop. John Iremil Teodoro** Miriam College

Ikatlong Araw

8:00-8:30 nu	Pagpapatala	
8:30-9:30 nu	***Lapit sa Pagtuturo ng Panitikang Gender-Based***	**Prop. Wennielyn Fajilan** Unibersidad ng Santo Tomas
9:30-10:00	Meryenda	
10:00-11:30	Pakitang-turo: Tuon sa Lapit sa Pagtuturo ng Panitikang Gender-Based	**Prop. Wennielyn Fajilan** Unibersidad ng Santo Tomas
11:30-12:00	Tugon mula sa kalahok	
	Pampinid na Mensahe	

_____
Guro ng Palatuntunan